

Mga Haka-haka Tungkol sa mga Bakuna sa COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

Haka-haka 1: Ang bakuna ay mabilis na nilikha – sa aking palagay ay wala silang sapat na kaalaman tungkol dito.

Ang mga Katotohanan: Ang mga bakunang ito ay kayang gawin ng mabilis at magiging ligtas pa rin dahil sa tatlong simpleng rason.

- Napakaraming pagsasaliksik ang naisgawa sa uri ng virus na nagsasanhi ng COVID-19 bago dumating ang virus na ito. Kaya't ang mga siyentipiko (scientists) ay nagkaroon ng malaking kaalaman sa pagsisimula tungkol sa uri ng bakuna na gagana ng pinakamahusay para labanan ang virus na ito.
- Napakaraming pera ng gobyerno ang iginugol para makakuha ng maraming kumpanya na magtatrabaho sa bakunang ito at para ilagay ang lahat ng kanilang mga scientists na magtrabaho dito ng walang tigil. Ito ay nakatulong para mapabilis ang lahat.
- Habang bawat hakbang ay dapat na masunod para makagawa ng bagong bakuna at masiguro na ito ay ligtas, ang ilan sa mga hakbang ay naisagawa ng sabay-sabay kaysa sa isang bagay pagkatapos ng isa pa. Para itong pagluluto ng ilang bahagi ng isang pagkain ng sabay-sabay sa halip na magluto ng paisa-isa. Matatapos mo ito ng mas maaga ngunit kasingbuti pa rin.

Sa katunayan, ang dalawang bakuna na naaprubahan na para magprotekta laban sa COVID-19 ay pinag-aralan ng higit na 70,000 na mga boluntaryo, kabilang ang mga nakatatanda (adults) sa lahat ng edad at magkakaibang lahi at etnikong mga grupo, at natagpuang gumagana ng napakahusay at pantay-pantay na ligtas para sa lahat.

Haka-haka 2: 1% lamang ng mga tao na nagkakaroon ng COVID-19 ang namamatay dito. Hindi ba makakamatay ng mas marami ang bakuna kumpara dyan?

Ang mga Katotohanan: Ang COVID-19 ay isang nakamamatay na sakit. Ang pana-panahong trangkaso (seasonal flu) ay maaaring maging napakamapanganib ngunit pumapatay ito ng isang tao sa kada libong nahahawaan, ngunit ang COVID-19 ay pumapatay ng isang tao sa bawat isang daan na nahawaan. Wala pang namamatay mula sa dalawang aprubadong bakuna.

- Ang ilang mga tao ay nagtataka kung ito ay dahil ang mga boluntaryo na nakilahok sa mga pagsubok sa bakuna ay hindi nasubaybayan ng may sapat na oras para malaman natin kung magkakaroon ng mga pagkamatay. Totoo na mayroon lamang tayong 3 buwan ng karanasan sa pagsubaybay sa mga taong nakakuha ng mga bakunang ito, ngunit mayroon namang talaga tayong karanasan sa iba pang mga bakuna at ang malaking mayorya ng mga masasamang epekto ay nagpapakita sa ilang oras o araw. Walang basehan para paniwalaan na may makikita tayong kakaiba rito.

Haka-haka 3: Ang mga bakunang ito ay magbibigay sa iyo ng sakit na COVID-19.

Ang mga Katotohanan: Ang mga kasalukuyang bakuna ay walang virus sa anumang anyo – walang buhay na virus, walang pinahinang virus, walang patay na virus. Hindi ka talaga makakakuha ng sakit mula sa bakuna.

Mga Haka-haka Tungkol sa mga Bakuna sa COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

- Ang ilang mga bakuna ay ginagamit ang virus na kanilang nilalabanan sa ilang anyo para pataasin ang pagtugon ng imuno (immune response). Ang mga kasalukuyang bakuna sa COVID-19 ay hindi gumagana sa paraang ito kung kaya't walang paraan na mabibigyan ka nila ng COVID-19.
- Posibleng makuha ang sakit sa unang ilang araw pagkatapos ng iyong pagbabakuna bago magkaroon ng pagkakataon ang bakuna na gumana, ngunit hindi nangangahulugan yan na ikaw ay nagkasakit mula sa bakuna. Para sa karamihan ng tao, kailangan ng bakuna ng 7 araw bago ito magsimulang gumana. At ang parehong mga bakunang ito ay nangangailangan ng pangalawang dosis (dose) bago ganap na maging protektado ang tao mula sa pagkakasakit sa virus.

Madaling malito tungkol rito, dahil maaaring saglit na may maramdaman ka na ilang epekto (side effects) pagkatapos ng pagbakuna. Sa katunayan, halos kalahati ng mga boluntaryo na nasuri sa mga bakunang ito ay nakaranas ng ilang epekto: karamihan sa mga epektong ito ay banayad at hindi nangailangan ng anumang paggamot o pagbabago sa arawang aktibidad at nagtagal ng 1-2 araw. Ang nararamdaman nila ay hindi COVID-19, gayunpaman, ni hindi ito isang banayad na kaso ng COVID-19. Nararamdaman nila ang mga sintomas ng isang immune response, na nangangahulugan na ang bakuna ay gumagana sa pagbubuo ng antibodies para protektahan sila mula sa COVID-19.

Haka-haka 4: Ang mga bakunang ito ay gumagamit ng henetikong materyales (genetic material) para labanan ang virus. Ibig sabihin nyan ay maaari nilang apektuhan ang ating genes.

Ang mga Katotohan: Ang mga bakunang ito ay hindi gumagamit ng genetic material, tinatawag na mRNA (na ang ibig sabihin ay “messenger” RNA) para labanan ang virus ngunit wala itong ginagawa na anumang bagay sa iyong genes.

- Tulad ng sinasabi ng kanyang pangalan, ang mRNA ay gumagana ng tulad ng isang messenger. Sa kasong ito, ang mRNA na ginamit sa bakuna ay nagsasabi sa iyong katawan na gumawa ng protina na nakapagpapasimula sa iyong sistema ng imuno (immune system) para umaksyon. Ang mRNA ay hinahayaan ang iyong katawan na makakuha ng mensahe (message) mula sa virus ng hindi direktang nalalantad sa virus.
- Ngunit hindi nito naaapektuhan ang iyong genes. Isaisip na nakakaenkuwentro ka ng genetic material mula sa iba pang mga halaman at hayop sa lahat ng oras, kapag sila ay iyong kinain. Tinutunaw ng katawan mo ito sa ilang mga karaniwang kemikal gamit ang mga protina, fats at carbohydrates na kanilang nilalaman para bigyan ka ng enerhiya at paganahin ang iyong cells.

Tulad ng kinakain mong pagkain, ang mRNA na nakakuha mo sa isang bakuna ay talagang may epekto sa iyong kalusugan, ngunit hindi nito nababago ang iyong genes o iyong DNA.

Haka-haka 5: Sabi nila ang mga bakunang pambata ay maaaring magsanhi ng autism – ang mga bakuna bang ito ay hindi naglalaman ng mga mapanganib na kemikal na maaaring magkaroon ng malulubhang epekto sa kalusugan?

Mga Haka-haka Tungkol sa mga Bakuna sa COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

Ang mga Katotohanan: Hindi totoo alinman sa dalawa. Ang mga bakunang pambata ay isa sa mga pinakamahasag at pinakaligtas na proteksyon laban sa mga mapapanganib na sakit na nagawa na at ang mga bakunang ito ay maingat ng sinuri para na rin sa kaligtasan.

- Tungkol sa pagkatakot sa autism – pinasimulan ito ng isang doctor na Ingles na sa kalaunan ay lumabas na isang panloloko. Ang kasinungalingan ito ay nabuhay dahil ang ilang mga kilalang tao ay sumang-ayon at itinakbo ito. Ang resulta? Milyon-milyong mga dolyar ang nasayang sa pagpapatunay ng katotohanan ng paulit-ulit (halimbawa, ang isang pag-aaaral ay tinignan ang bawat sanggol na ipinanganak sa Denmark sa loob ng 8 taon at nakita na walang lubos na kaugnayan). Ganun pa man, ang ilang mga takot na magulang ay umiiwas pa rin sa mga bakuna at tayo ay nakakakita ng nakamamatay na pagsiklab ng mga sakit na ganap nating maiiwasan.
- Ang listahan ng mga sangkap sa mga bakuna ng COVID-19 ay talagang simple – mRNA, dagdag pa ang ilang fats (tinatawag na “lipids”, na isa pang salita para sa fats) dagdag ang ilang asin at asukal para patatagin ang paghalo. Aktwal mong makikita ang mga sangkap sa [website](#) ng bakuna sa COVID-19 ng Food and Drug Administration. Wala kang makikita na labas sa ordinaryo.

Haka-haka 6: Ang bakuna ay naglalaman ng isang micro chip na maaaring gamitin para subaybayan ang aking mga paggalaw.

Ang mga Katotohanan: Ang bakuna ay hindi naglalaman ng anumang uri ng aparato para sa pagsusubaybay (tracking device) o ano pa man.

- Ang kuwentong ito ay tila kumalat na sa Internet batay sa isang Facebook post na nagsasabi na si Bill Gates ay nagpapalano na gumamit ng isang micro chip para kilalalin ang mga taong nasuri na para sa COVID-19. Sa katunayan, si Ginoong Gates ay nagkomento sa isang pananaliksik na pag-araal (research study) na wala siyang kinalaman sa COVID-19 at walang kinalaman sa anumang bagay na ini-implant. Ang research study ay tungkol sa isang pamamaraan para masiguro kung sino ang nabakunahan na sa mga bansa na may mataas na rate ng pagkakamatay mula sakit na naiiwasan at mga mahihinang sistema ng datos sa kalusugan (poor health data systems). Tulad ng kuwento tungkol sa autism, ito ay isang kuwento na mahirap ng pigilan kahit na ito ay paulit-ulit na pabulaanan.

Haka-haka 7: Ang bakuna ay ipinipilit sa mga tao kahit na ito ay labag sa kanilang kalooban.

Ang mga Katotohanan: Ang mabakunahan ay boluntaryo. Ang mga doktor at mga opisyal ng pampublikong kalusugan ay nagbibigay sa mga tao ng mabuting impormasyon sa kaligtasan at pagiging-epektibo ng mga bakunang ito upang sa gayon ay makagawa sila ng isang kaalamang desisyon kapag sila ay maalukan ng bakuna. Walang sinuman ang inaatasan na mabakunahan.

Mga Haka-haka Tungkol sa mga Bakuna sa COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

Haka-haka 8: Hindi mo mapagkakatiwalaan ang mga taong gumawa ng mga bakunang ito. Ang Big Pharma – mga taong gumawa ng mga bakunang ito ay nariyan lang para magkapera at binabayaran ang mga doktor para sabihin na ang kanilang mga produkto ay ligtas.

Ang mga Katotohanan: Habang may mga teribleng halimbawa ng mga kumpanya ng gamot na inuuna ang kita kaysa sa kaligtasan (halimbawa, ang agresibong pagsusulong ng mga nakahuhumaling na opioid na painkiller), ang proseso para sa pagbuo ng mga bakunang ito at ang pagkakayari (make-up) sa mga produkto ay malinaw na nakikita (transparent), na may higit pang impormasyong magagamit sa mga independiyenteng scientists kaysa dati.

- Ang pagbuo ng mga bakunang ito ay isinagawa na sa harap ng publiko. Sa katunayan, ang mga review sa kaligtasan at pagtalab (isang terminong ginagamit para ipakihulugan na ang mga bakuna ay gumagana) ay nailathala na para mabasa ng lahat. Nangangahulugan yan na ikaw o iyong doktor ay maaaring mabasa ang mga review at magdesisyon kung ang research ay tila solido at ang mga napag-alaman (findings) ay kapani-paniwala.
- Ang mga taong nagre-review sa research ay kinabibilangan ng mga pinunong medikal mula sa samu't saring setting sa lahat ng dako ng bansa at ang mga tagamasid (mga miyembrong hindi bumoboto [non-voting members]) na kumakatawan sa isang malawak na hanay ng medikal na grupo, na ang ilang mga kabilang ay matinding nakipaglaban na kontra medikal na rasismo (medical racism). Hindi pa sila binabayaran para sa trabahong ito – sila ay kasama para mapatunayan ang kalidad (quality) ng kaligtasan at para matiyak na ang pagkakapantay-pantay (equity) ay napoprotektahan sa kabuuan ng proseso. Para sa isang listahan ng mga pangalan ng mga reviewer at mga lugar na kanilang pinagtrabahuan, bisitahin ang website ng Advisory Committee on Immunization Practices (ACIP) [website](#). Maaari mo pang matutunan ang tungkol sa mga taong ito sa pamamagitan ng paghahanap sa kanila online.
- Ang mga doktor ay hindi gumagawa ng ekstrang pera para sa pagbibigay ng mga bakuna. Sila ay binabayaran para sa medikal na pagbisita, parehas lang din sa anumang iba pang pangunahing pangangalagang pagbisita.

Haka-haka 9: Ang mga komunidad ng Black at Latinx ay itinuturong (singled out) na makakakuha ng bakuna dahil hindi pa talaga ito napapantayang ligtas.

Ang mga Katotohanan: Tiyak na may mga dahilan sa kasaysayan para sa mga komunidad ng Black at Latinx na matakot na ma-singled out. Ang alalahanin ay nabigyang katwiran dahil ang mga tao na may kulay at mga marginalized na grupo, sa nakaraan, ay pinilit na at nilupig (subjugated) para makilahok sa drug trials at mga medikal na pamamaraan ng walang may kaalamang pahintulot, proteksyon sa pasyente, o mga etnikong pagsasanay. Hindi ito ang kaso dito, gayunpaman. Ang komunidad ng Black at Latinx ay hindi na singled out na magpabakuna. Ngunit ang mga grupo ay inaalok ng bakuna batay sa mga panganib na kinahaharap ng mga tao sa grupo. Kaya't ang sagot ay HINDI para sa pag single out sa sinuman ngunit OO, ang mga komunidad ng Black at Latino ay maaaring alukin ng bakuna ng mas maaga kaysa sa iba pang mga komunidad kung saan ang impeksyon, pagpapaospital at kamatayan ay hindi kailanman

Mga Haka-haka Tungkol sa mga Bakuna sa COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

naging ganito kataas.

Isaalang-alang ang mga sumusunod:

- Ang dalawang bakuna na available na ay sinubukan sa sari-saring (diverse) populasyon. Sa katunayan, gumawa na ng mga pagsisikap para tiyakin ang pagsama sa mga boluntaryo na Black at Latinx na nasa proporsyon na katumbas ng kanilang proporsyon sa populasyon para makasiguro na walang mga kadahilanan na gagawing mas kaunti ang pagka-epektibo at pagkaligtas sa alinman sa grupong ito. Isang malaking pagsisikap ang ginawa para maisama ang mga miyembro ng grupong ito, para masiguro na hindi sila magiging biktima ng medikal na kapabayaan, na nasa kabilang bahagi ng barya (coin) tungkol sa medikal na rasismo (medical racism).
- Ang pinaka-unang prayoridad para mabakunahan ngayong magagamit na ang mga bakuna ay ang mga frontline na manggagawa sa healthcare. Kabilang rito ang mga kawani sa klinika tulad ng mga doktor, nars, at therapist pati na rin ang mga taong nagtatrabaho sa iba pang mga lugar tulad ng mga laboratoryo at mga pangkapaligirang serbisyo ng ospital. Sila ay binibigyan ng prayoridad dahil sila ay nasa mataas na panganib sa pagkakalantad sa virus at sila ay kritikal sa pagpapanatiling buhay ang iba pang mga tao. Ang parehong kriterya ay ginagamit para magdesisyon kung sino na ang susunod, dahil sa kailangan nating bigyang prayoridad ang pagbabakuna sa ilang mga tao bago ang iba pa habang mayroon tayong limitadong supply ng bakuna. Sa sandaling marami ng bakuna na available, ang sinuman na gustong mabakunahan ay dapat na magkaroon ng madaling akses sa bakuna.
- May mabuting dahilan para sa mga komunidad ng Black at Latinx na humiling ng pantay at maagang akses sa pagbabakuna. Ang mga residente ng Black at Latinx, kasama ang mga Katutubong Amerikano at mga Katutubong Hawaiiiano, ay pinakamalamang na mahawaan (kadalasan dahil sa resulta ng hindi magandang mga kondisyon sa pagtatrabaho o pamumuhay), pinakamalamang na mangailangan ng pagpapaospital kung nahawaan , at pinakamalamang na mamatay dahil sa COVID-19. Sila rin ang mga komunidad na nagdurusa sa pinakamalulubhang kinahinatnan kung ang pagkakasakit ay inihiwalay sila sa pagtatrabaho. Kung makakakita ka ng mga billboard o makakarinig ng boses na hinihikayat ang mga residente na Black at Latinx na piliin na magpabakuna, sumasalamin ito sa mga alalahaning ito. Gusto ng LA na ang mga taong tinamaan ng pinakamabigat ay magkaroon ng oportunidad na mabakunahan sa lalong madaling panahon.

Ang pusta (stakes) para sa mga residenteng Black at Latinx ay mataas. Mangyaring basahin kung ano ang makakaya niyo tungkol sa mga bakuna mula sa mga mapagkakatiwalaang mapagkukunan (sources) at makipag-usap sa mga taong may mabubuting kaalaman na iyong pinagkakatiwalaan – iyong doktor, isang guro sa science na kilala mo, isang pharmacist – at sabihan sila na sumagot sa iyong mga katanungan at alalahanin. Mahalaga ang iyong mga katanungan at karapat-dapat kang sagutin ng mga indibidwal na may kaalaman at mapagkakatiwalaan.

Mga Haka-haka Tungkol sa mga Bakuna sa COVID-19

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

Haka-haka 10: Hindi ko na kailangan ang bakuna kung nagkaroon na ako ng COVID-19.

Ang mga Katotohanan: Hindi namin alam kung gaano tumatagal ang natural na imuno (natural immunity) na nakukuha mo mula sa pagkakasakit. Hindi rin namin alam kung ito ay kumpleto. May kaunting naidokumentong kaso ng mga tao na nahawaan ng dalawang beses. Kaya't kahit nagkaroon ka na ng COVID-19 at gumaling, ikaw ay magbebenepisyo sa bakuna.

